



King County

METRO

Moving forward together

Binawasang Iskedyul

Mga pansamantalang pagbawas sa serbisyo

Nagbawas ang King County Metro ng serbisyo upang pabagalin ang pagkalat ng COVID-19. Maaaring patuloy na baguhin ang Binawasang Iskedyul. Mangyaring hanapin sa ibaba ang mga pinakabagong mapagkukunan tungkol sa mga ruta at serbisyo, gabay sa pagsakay, at mga opsyon para sa mga kostumer na may kahirapan sa paggalaw.

Ano ang Binawasang Iskedyul?

Sumusunod ang Metro sa Binawasang Iskedyul bilang tugon ng ating rehiyon sa COVID-19. Idinisenyo ang mga pagbawas sa serbisyo na ito upang mapanatili ang matatag at pangmatagalang sistema ng pampublikong transportasyon na kayang patuloy na pagalawin ang ating rehiyon araw-araw.

Sa ilalim ng pansamantalang Binawasang Iskedyul, mas madalang ang pagbiyahe ng mga bus, community shuttle, Link light rail, streetcar, at water taxi sa buong araw. Ang serbisyo ng transportasyon ay maaari ding magsimula sa bandang huli ng umaga at matapos nang mas maaga sa gabi. Walang biyahe sa ilang ruta at serbisyonang pantransportasyon, at magkakaroon ng mga indibidwal na kanseladong biyahe ang ilang ruta.

Mga ruta at serbisyo mula Lunes hanggang Biyernes, simula Hunyo 22, 2020

Mga rutang tumatakbo ang karamihan o lahat ng mga biyahe (Mga rutang may dalawa o mas kaunting biyaheng nabawas)

Ruta ng A Line, B Line, F Line, 8, 11, 21 Local, 24, 26, 31, 32, 33, 45, 48, 49, 50, 60, 62, 64, 65, 67, 70, 71, 73, 75, 101, 102, 105, 106, 107, 111, 120, 124, 125, 128, 131, 132, 148, 150, 153, 156, 164, 166, 168, 169, 180, 181, 182, 183, 187, 193, 204, 208, 217, 218, 221, 224, 240, 245, 255, 257, 269, 303, 304, 309, 311, 330, 331, 345, 346, 347, 348, 373, 631 (Burien Community Shuttle), 635 (Des Moines Community Shuttle), 901, 903, 906, 908, 914, 915, 916, 917, 930, Water Taxi Vashon

Mga ruta at serbisyonang binawasan ang biyahe at/o may mga pinaikling oras ng operasyon

C Line, D Line, E Line, 1, 2, 3, 4, 5 Local, 7, 10, 12, 13, 14, 21X, 27, 28, 36, 40, 41, 43, 44, 74, 118 & 119 (Mga Lokal na Ruta ng Vashon), 212, 225, 226, 230, 231, 239, 241, 250, 271, 301, 372, 773 & 775 (Water Taxi Shuttles), 907, mga ruta ng Water Taxi West Seattle, First Hill Streetcar, Link Light Rail, Via to Transit (sinerbisyuhan ang mga binagong lugar)

[Tingnan ang mga kinanselang biyahe](#)

Mga ruta at serbisyong ganap nang tinanggal

5X, 9, 15, 17, 18, 19, 22, 29, 37, 47, 55, 56, 57, 63, 76, 77, 78, 113, 114, 116, 118X & 119X (Mga Express na Ruta ng Vashon), 121, 122, 123, 143, 154, 157, 158, 159, 167, 177, 178, 179, 186, 190, 192, 197, 200, 214, 216, 219, 232, 237, 246, 249, 252, 268, 308, 312, 316, 342, 355, 628 (Snoqualmie Community Shuttle), 630 (Mercer Island Community Shuttle), 823, 824, 886, 887, 888, 889, 891, 892, 893, 894, 895, 910, 913, 931, 952, 980, 981, 982, 984, 986, 987, 988, 989, 994, 995, Black Diamond/Enumclaw Community Ride, Shoreline/Lake Forest Park Community Ride, Normandy Park Community Ride, Sammamish Community Ride, Juanita Area Community Ride, Bothell/Woodinville Community Ride, South Lake Union Streetcar

Mga ruta at serbisyo sa Sabado, simula Hunyo 27, 2020

Mga rutang tumatakbo ang karamihan o lahat ng mga biyahe kapag Sabado

A Line, B Line, C Line, D line, E Line, F Line, 1, 2, 3, 4, 5, 7, 8, 10, 11, 12, 13, 14, 21, 24, 26, 27, 28, 31, 32, 33, 36, 40, 41, 43, 44, 45, 48, 49, 50, 60, 62, 65, 67, 70, 71, 73, 75, 101, 105, 106, 107, 118, 120, 124, 125, 128, 131, 132, 148, 150, 156, 164, 166, 168, 169, 180, 181, 182, 183, 187, 204, 208, 221, 225, 226, 230, 231, 239, 240, 241, 245, 250, 255, 269, 271, 331, 345, 346, 347, 348, 372, 635 (Des Moines Community Shuttle), 901, 903, 906, 908, 914, 915, 916, 917

Mga ruta at serbisyong binawasan ang biyahe at/o pinaikli ang oras ng operasyon kapag Sabado

First Hill Streetcar, Link light rail, Via to Transit (sinerbisyuhan ang mga binagong lugar)

[Tingnan ang mga kinanselang biyahe](#)

Mga ruta at serbisyong ganap nang tinanggal kapag Sabado

22, 47, 249, 910, South Lake Union Streetcar, Water Taxi West Seattle route, Shoreline/Lake Forest Park Community Ride, Normandy Park Community Ride, Sammamish Community Ride, Bothell/Woodinville Community Ride

Mga ruta at serbisyo sa Linggo, simula Hunyo 28, 2020

Mga rutang tumatakbo ang karamihan o lahat ng mga biyahe kapag Linggo

A Line, B Line, C Line, D Line, E Line, F Line, 1, 2, 3, 4, 5, 7, 8, 10, 11, 12, 13, 14, 21, 24, 26, 27, 28, 32, 33, 36, 40, 41, 43, 44, 45, 48, 49, 50, 60, 62, 65, 67, 70, 73, 75, 101, 105, 106, 107, 118, 120, 124, 125, 128, 131, 132, 148, 150, 156, 166, 168, 169, 180, 181, 182, 187, 221, 225, 226, 230, 231, 239, 240, 241, 245, 250, 255, 271, 331, 345, 346, 347, 348, 372, 901, 903

Mga ruta at serbisyong ng binawasan ang biyahe at/o may mga pinaikling oras ng operasyon kapag Linggo

First Hill Streetcar, Link Light Rail, Via to Transit (sinerbisyuhan ang mga binagong lugar)

Mga ruta at serbisyong ganap nang tinanggal kapag Linggo

22, 47, 249, South Lake Union Streetcar, ruta ng Water Taxi West Seattle, Shoreline/Lake Forest Community Ride, Bothell/Woodinville Community Ride

Mga Alternatibong Ruta

Sound Transit

Kasalukuyang tumatakbo kada 20 minuto halos buong araw ang Link light rail. Binawasan din ang mga serbisyo ng Sounder at ilang mga iskedyul ng ruta ng bus ng ST Express. Dapat tingnan ng mga pasaherong lumilipat [ang mga alerto sa serbisyo ng Sound Transit](#).

Access

Itinutuloy ng programang paratransit ng Access ang normal na operasyon at nagsasagawa ito ng mas pinaigting na [mga pamamaraan ng pagdisimpekta](#). Habang tumatakbo ang Binawasang Iskedyul, available ang Access sa lahat ng mga kostumer na may kapansanan na hindi kayang makapagsagawa ng mga kinakailangang biyahe gamit ang tradisyonal na network ng transportasyon. Kabilang dito ang mga kostumer na may kapansanan at hindi sertipikado na gamitin ang programa ng Access.

Mangyaring tandaan

Ang mga antas ng serbisyo para sa lahat ng mga opsyon sa pagbiyahe ng Metro ay patuloy at paulit-ulit na sinusuri at maaaring magbago ang mga ito habang pinakikinggan ng Metro ang mga opisyal ng pampublikong kalusugan at habang tinutukoy nito ang mga pangangailangan ng komunidad.

Community Van

Magpapatuloy ang mga biyahe ng Community Van para sa mga kinakailangan hangga't praktikal ito at mayroong mga boluntaryong drayber at handang magmaneho sa mga sumusunod na komunidad:

- Bothell / Woodinville / UW Bothell
- Duvall
- Sammamish
- Kenmore / Kirkland
- Lake Forest Park / Shoreline
- Vashon

Trailhead Direct

Bilang tugon sa paglaganap ng COVID-19 at ginagabayan mula sa direksiyon ng Public Health – Seattle & King County (Pampublikong Kalusugan – Seattle at King County), King County Metro, at ng King County Department of Natural Resources and Parks (DNRP, Kagawaran ng Likas na Yaman at Mga Parke), kasalukuyang suspendido ang Trailhead Direct.

Water Taxi

Kasalukuyang tumatakbo ang mga ruta ng Vashon at West Seattle ayon sa mga nakalistang iskedyul sa ibaba. Tumatakbo rin ang mga shuttle na 773 at 775.

Binagong iskedyul ng paglayag ng King County Metro Water Taxi mula Lunes hanggang Biyernes na may bisa mula Hunyo 22, 2020

RUTA ng WEST SEATTLE

| Pag-alis mula sa Pier 50 | Pag-alis mula sa West Seattle | Pag-alis mula sa Pier 50 | Pag-alis mula sa West Seattle |
|--------------------------|-------------------------------|--------------------------|-------------------------------|
| 5:55 AM | 6:15 AM | 3:25 PM | 3:45 PM |
| 6:30 AM | 6:50 AM | 4:05 PM | 4:25 PM |
| 7:05 AM | 7:25 AM | 4:45 PM | 5:05 PM |
| 7:40 AM | 8:00 AM | 5:25 PM | 5:45 PM |
| 8:15 AM | 8:35 AM | 6:05 PM | 6:25 PM |
| 8:50 AM | 9:10 AM | 6:45 PM | 7:05 PM |

RUTA ng VASHON ISLAND

| Pag-alis mula sa Pier 50 | Pag-alis mula sa Vashon | Pag-alis mula sa Pier 50 | Pag-alis mula sa Vashon |
|--------------------------|-------------------------|--------------------------|-------------------------|
| 5:30 AM | 6:10 AM | 4:30 PM | 4:58 PM |
| 6:38 AM | 7:10 AM | 5:30 PM | 5:58 PM |
| 7:40 AM | 8:15 AM | 6:30 PM | 6:58 PM |

Seattle Streetcar

Ang Seattle Streetcar ay patuloy na tatakbo batay sa binawasang iskediyul.

- Ang **First Hill Streetcar** ay patuloy na bibiyahe nang may tig-15 minutong pagitan mula Lunes hanggang Sabado batay sa binawasang oras ng serbisyo, 5:30 a.m. hanggang 8:30 p.m. Hindi binawasan ang mga oras ng serbisyo sa Linggo at mga holiday at mananatiling mula 10 a.m. hanggang 8 p.m.
- Ang **South Lake Union Streetcar** ay hindi bibiyahe hanggang maglabas muli ng karagdagang anunsiyo.

Iba pang mga ahensiya ng transportasyon

- [Community Transit](#)
- [Everett Transit](#)
- [Intercity Transit](#)
- [Island Transit](#)
- [Kitsap Transit](#)
- [Pierce Transit](#)
- [Skagit Transit](#)
- [Sound Transit](#)
- [South Lake Union Streetcar](#)
- [Washington State Ferries](#)

Kumuha ng pinakabagong impormasyon sa biyahe



Text para sa Mga Pag-alis

Hanapin ang susunod na mga oras ng pag-alis ng serbisyo sa transportasyon sa pamamagitan ng pag-text ng iyong stop ID sa **62550**. Makakatanggap ka ng mensahe na nagpapakita ng mga susunod na oras ng pag-alis o mga kanseladong biyahe para sa hintuan na iyon. Maaari mong mahanap ang iyong stop ID sa karatula sa bus stop o sa tool na Trip Planner.

Gumamit ng Trip Planner

Sa [Trip Planner](#), piliin ang "Next Departures" (Mga Susunod na Pag-alis), at ilagay ang address ng lokasyon, intersection o palatandaan at piliin ang gustong lokasyon mula sa mapa o drop-down list. Ipinapakita ng mga resulta ng Trip planner ang mga nakaiskedyul o inaasahang mga oras ng pag-alis o anumang kinanselang biyahe.

Kumuha ng tulong gamit ang iyong telepono at sa iyong wika

Upang kumuha ng tulong upang planuhin ang iyong biyahe at para sa mga pinakabagong detalye tungkol sa Binawasang Iskedyul, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Call Center sa 206-553-3000 (WA Relay 711) mula Lunes hanggang Biyernes, 6 AM hanggang 8 PM. Gamitin ang numerong ito para sa tulong sa pagpapalano ng iyong biyahe kasama ang isang tagasalin. Kapag tumawag ka, sabihin ang wika na nais mong gamitin at ikonekta ka ng operator sa isang tagasalin.

Tawagan kami sa 206-553-3000 WA Relay: 711

Mag-sign up para sa mga alerto sa transportasyon

Mag-[subscribe](#) kaagad upang makatanggap ng mga mensaheng alerto sa pamamagitan ng email, text, o pareho.

Twitter

[I-follow kami sa Twitter](#) para sa pinakabagong impormasyon.

Blog ng Metro Matters

Basahin ang [mga blog post ng Metro](#) tungkol sa pagtugon ng Metro sa bagong coronavirus (COVID-19).


Mga Anunsiyo sa Serbisyo

Tingnan ang [mga alerto tungkol sa mga espesipikong ruta](#). Mangyaring tandaan na hindi kabilang sa mga anunsiyo na ito ang mga kanselasyon, pagbabago, o delay ng mga indibidwal ng biyahe.

Mangyaring tandaan

Sa panahon ng Binawasang Iskedyul, ang mga online na tool sa pagpapalano para sa impormasyon ng kostumer at mga app na gawa ng third party ay maaaring hindi tumpak para sa mga serbisyo ng Metro at Sound Transit. Hindi ipinapakita ng mga ito ang pansamantalang Binawasang Iskedyul ng Metro o ang mga pagbawas ng Sound Transit. Maaari pa ring magbigay ng nakatutulong na impormasyon ang mga sistemang ito, tulad ng mga mapa at impormasyon sa mga hintuan ng bus.

Paano manatiling malusog sa Metro



Mangyaring protektahan ang iyong sarili, ibang pasahero, at empleyado ng Metro:

- Manatili sa bahay kung may sakit ka.
- Magsuot ng mask o pantakip sa mukha.
- Madalas na hugasan ang iyong mga kamay at gumamit ng sanitizer.
- Takpan ang iyong bibig at ilong kapag umuubo o bumabahing.




Mangyaring sundin ang "Paglayo sa Kapwa (Social Distance)" kapag gumagamit ng pampublikong transportasyon:

- **Tumayo nang may hindi bababa sa 6 na talampakan (1.8 m) ang layo** sa mga hintuan ng bus, hintayan ng bus, terminal ng ferry, istasyon ng RapidRide at Streetcar/Light Rail, at mga sentro ng pampublikong transportasyon.
- **Limitado ang mga bus sa 12 o 18 pasahero** depende sa laki ng bus.
- **Hindi magagamit ang ibang upuan** upang makagawa ng karagdagang distansiya sa pagitan ng mga pasahero.
- **Magsuot ng mask o pantakip sa mukha** upang protektahan ang iyong sarili, ibang mga pasahero, at mga empleyado ng Metro.
- **Pansamantalang itinigil ng Metro ang paniningil ng pamasahe**, kaya huwag mag-alala sa pag-tap ng iyong ORCA card o pagdadala ng salaping papel o barya.
- **Sumakay sa mga bus gamit ang pintuan sa likod**, maliban kung kailangan mo ng rampa, kneeler o upuan para sa mga taong binibigyan ng priyoridad. Kung kailangan mong gamitin ang rampa o nais mo ipababa ang bus para magkaroon ng access o para sa iyong kaligtasan, mangyaring maghintay sa pinto sa harapan at hilingin ito sa nagmamaneho.
- **Habang nakasakay, mangyaring manatili sa likod ng mga bagong ikinabit na "harang para sa kaligtasan"** at ireserba ang bahagi sa harap para sa mga pasaherong nangangailangan ng priyoridad sa pag-upo.

Habang nakasakay, panatilihing malayo ang distansiya sa ibang tao hangga't posible.

Tumayo nang hindi bababa sa 6 na talampakan (1.8 m) ang layo sa isa't isa habang naghihintay ng masasakyan.



Ano ang itsura ng anim na talampakan (1.8 m) na "Paglayo sa Kapwa" sa pampublikong transportasyon?


- Sa mga hintuan ng bus, hintayan ng bus, terminal ng ferry, istasyon ng RapidRide at Streetcar/Light Rail, at mga sentro ng pampublikong transportasyon, halos kasinghaba ng isang sofa ang hindi bababa sa 6 na talampakan (1.8 m) na layo.
- Sa mga bus, ang paglayo sa kapwa ay nangangahulugang isang pasahero sa bawat ikalawang hanay ng mga upuan.
- Sa Streetcar at Link light rail, ang paglayo sa kapwa ay nangangahulugang isang pasahero sa bawat ikatlong hanay ng upuan.
 - Sa Water Taxi, ang paglayo sa kapwa ay nangangahulugang isang pasahero lamang sa bawat ikalawang hanay, na hindi bababa sa 3 upuan sa pagitan ng mga pasahero sa bawat hanay.

Mga kaugnay na update

Kabilang sa mga ibang pampublikong aksiyon para sa kaligtasan ng Metro bilang tugon sa COVID ang:

- [Araw-araw na pag-disimpekta ng mga coach at sasakyan/barkong pantransportasyon](#),
- Pagtatayo ng Department Operations Center (Sentro sa Operasyon ng Kagawaran) upang maging gabay sa mabilis na pagtugon, at
- [Pansamantalang pagsasara ng mga personal na tanggapan para sa serbisyo sa kostumer at pagbibigay daan sa mga opsyon sa pamamagitan ng telepono at online na serbisyo](#).
- Lubos na pagrerekomenda na ang ating mga empleyado na mataas ang panganib ay manatili sa kanilang mga tahanan upang maprotektahan ang kanilang kalusugan at pagpapatatag ng ating mga polisiya sa bayad na pagliban, at
- Operasyon ng isang task force sa paglilinis na nakatuon sa mabilis na pagtugon at patuloy na pagpapabuti.

Ang aming pangako



Bagaman may ibang pagpipilian ang karamihan ng mga pasahero ng Metro maliban sa pampublikong transportasyon, ang iba ay mas umaasa sa—o walang ibang magagamit kundi—pampublikong transportasyon, kung kaya't sineryoso namin ang paggawa ng mga desisyon sa kung kailan at saan babawasan ang serbisyo. Idinisenyo ng Metro ang mga pagbawas upang mapanatili ang serbisyo sa pinakaraming posibleng ruta, habang kinikilala na kailangan ng mga tao ang mga rutang ito para makakuha ng pangangalagang pangkalusugan, makapunta sa mga tindahan ng grocery, trabaho, at iba pang kinakailangang destinasyon.

Aktibong nakikipag-usap ang Metro sa mga grupo sa komunidad na kumakatawan sa mga populasyon na mas malamang na umaasa sa pampublikong transportasyon, kabilang ang mga kumakatawan sa mga kostumer na may problema sa pag-access.

Mananatiling nakikipag-ugnayan ang Metro sa mga grupong iyon upang maunawaan ang kanilang mga pangangailangan sa pagbiyahe at para malaman kung ano ang pinakamainam na paraan para mapagsilbihan sila sa panahong ito.

